



## Tagalog - Lenguwahe Tulong para sa mga Botante ng Lalawigan ng San Mateo

### **Pagboto mula sa Bahay**

Bago ang Araw ng Eleksyon, makukuha mo ang mga naisaling materyales sa koreo. Upang makatanggap ng naisaling materyales, siguraduhin na i-update ang iyong nais na lengguwahe sa <https://voterstatus.sos.ca.gov> o tumawag sa tanggapan ng eleksyon (888-762-8683).

Kung nais mo makatanggap ng mga mapagkukunan na nasa Tagalog, maaari kang humingi ng “facsimile” na balota na naisalin na na ipapadala sa koreo. Ito ay halimbawang naisalin na balota na makakatulong sa iyo na maintindihan at mapunan ang iyong balotang nasa Ingles. (Hindi mo magagamit sa pagboto ang isang balotang facsimile.) Kung ito ay mayroon sa iyong lugar, ipapadala nila ito sa iyo ng walang bayad.

Kung ikaw ay hindi nakatanggap ng balota o mga materyales sa iyong nais na lengguwahe, tumawag sa tanggapan ng eleksyon.

### **Pagboto ng Personal**

Kung ikaw ay boboto ng personal sa isang sentro ng botohan, maaari kang gumamit ng tulong na berbal. Ikaw ay pinapayagang **magdala ng hanggang sa dalawang taong tutulong sa iyo upang makaboto** basta’t ang mga ito ay hindi nagrerepresenta sa iyong amo o unyon. Magsama ng kapamilya o kaibigan!

Kung mayroong mga manggagawa sa botohan na bilinggwat, **silay nakasuot dapat ng tsapa, laso o etiketa** na nagsasabi ng lengguwahe na kanilang sinasalita.

**Kung ikaw ay boboto ng personal sa sentro ng botohan, maaari mong gamitin ang balotang “facsimile” na nasa Tagalog kung ito mayroon sa lugar kung saan ka nakarehistrong bumoto.** Hindi mo ito lalagyan ng iyong boto dahil ito ay gagamitin mo lamang bilang gabay upang matulungan kang punan ang balotang nasa Ingles. Malinaw na ipapakita ang mga balotang facsimile na naisalin na sa mga sentro ng botohan. Mayroon dapat na mga kopya na maaari mong dalhin sa lugar ng botohan upang ito ay makatulong sa iyo. Humingi ng tulong sa trabahante upang mahanap ang tamang balotang facsimile na nararapat sa iyo.

**Kung nakaranas ka ng mga isyu habang bumoboto, makipag-ugnayan sa tanggapan ng eleksyon sa iyong lalawigan sa 888-762-8683 o tumawag sa 888-API-VOTE (888-274-8683) para sa tulong.**